

# 1

Kinailangang umuwi ni James sa Cebu upang ‘saklolohan’ ang kapatid. Ayon dito ay may malaking problema raw sa pagawaan at siya lamang ang tanging makakaresolba niyon kaya kinansela niya muna ang kanyang flight papuntang New York. Sa Cebu ang warehouse at pagawaan ng *Romualdez and Sons* at sa Manila naman ang sales office. Furniture business iyon ng US citizens na foster parents nilang magkapatid, nag-e-export sila ng Philippine-made furniture sa iba’t ibang bansa at may kabubukas lang silang outlet sa New York.

At heto siya ngayon, pahangos na umuwi sa kanilang bahay sa Cebu nang alas onse ng gabi. Only to find out na ginogoyo lang pala siya ng kapatid. Isang surprise birthday party ang naghihintay sa kanya na dinaluhan ng ilang tauhan ng pagawaan at malalapit na kamag-anak ng kanilang foster mother na native sa lugar na iyon.

Mangani-nganing batukan niya si July nang makaalis na ang mga tao. “Asar ka talaga kahit kelan!” asik niya rito. “Sira na naman ang schedule ko!”

Tatawa-tawa lang itong prenteng nakaupo sa sofa, tangan ang isang kopita ng martini. “Ikaw kasi diyan, eh. Pati birthday mo, nakalimutan mo na. Kelan ka ba last na nag-celebrate? Sweet sixteen?”

Isang throw pillow ang dinampot niya mula sa armchair at ibinato rito. “Gago!”

Nakailag naman ito. “You should be thanking me instead, you ingrate! Ako ang sugong tagapagligtas mo mula sa madilim na mundo ng mga workaholics.”

Naiiling na lamang siyang ibinagsak ang pang-upo sa armchair.

“Seriously, Kuya. Bakit mo pinapatay ang sarili mo sa matinding trabaho? Hindi ka naman inoobliga nina Daddy at Mommy.”

He knew his brother was right. Pakiramdam niya lagi ay kailangan niyang tumanaw ng utang-na-loob sa foster parents nila kaya natatakot siyang magkamali sa paghawak sa negosyo. Hindi nawawala ang agam-agam sa kanyang dibdib kahit madalas sabihin sa kanya ng daddy niya: *“It’s okay to make mistakes, to fail sometimes.”*

For him, it was not okay. Siguro, perfectionist lang siya at may pagka-OC gaya ng madalas itukso sa kanya ni July.

“Chill, man!” sabi pa ng kapatid.

“Ipasok kita sa freezer para ma-chill ka diyan!” angil niya.

Bigay-todo siyang nag-inat at saka tumayo na. Hilot-hilot ang batok na pumasok na siya sa kanyang kuwarto. At nagulpi-de-gulat na naman siya sa nadatnan doon pagkabukas niya ng ilaw.

Isang babae, nakasuot ng pulang seksing nightie at walang anumang panloob. Naghihintay ito sa kanya sa kama at nakangiti nang nang-aakit.

“What the fu—” Umatras siya palabas ng pinto. “Julio!” nangagalaiting sigaw niya.

Pahangos siyang bumalik sa sala. At hindi na siya nagtimpi, isang malakas na batok ang ibinigay niya sa kapatid.

“What? Ano ba’ng problema mo? Para ibinibigay ko lang naman sa ’yo ang birthday gift ko!” angal nito.

“Sino ’yan—Shit, saan mo kinuha ang babaeng ’yan?” mahina ngunit matiim niyang sita.

“Don’t worry, Kuya. Malinis ’yan, hindi basta-basta. She’s a high-class prostitute.” Binatukan niya ulit ito. “Ano ba? Nakakadalawa ka na, ha?” daing nito.

“Reregaluhan mo ako ng prostitute?” asik niya.

“So what? Gusto ko lang namang maging kasing-active mo ang sex life ko! Well, at least, magkaroon ka kahit konti. Aba’y buburuhin mo na lang ba ’yang sandata mo? Sayang naman ’yan, baka di na gumana, lagot ka!”

“Balahura ka talaga kahit kelan, Julio!”

Itinulak siya nito sa likod. “C’mon, Kuya. Sayang ang malaking halagang ibinayad ko diyan.”

Ngunit siya ang nauwing tumutulak sa kapatid. “Ikaw ang nagbayad, puwes, ikaw ang gumamit!”

Sumuko na ito sa wakas. “Fine!”

“Ilabas mo siya mula sa kuwarto ko. Huwag mong balahurain ang kama ko!”

---

Matapos mag-almusal ay naglakad-lakad si James sa kanilang bakuran. Matagal-tagal na rin palang hindi siya nakakauwi sa Cebu. Kung hindi siya nagkakamali ay pang-apat na beses pa lamang niya roon. Wala naman kasi siyang kailangang gawin doon. Ang kanyang sales manager at executive assistant ang nagpupunta sa Cebu kung kailangan. Ang mga ito rin ang naiwan sa opisina sa Manila kung nasa New York siya. Isa pa, magaling at mapagkakatiwalaan sa tungkulin nito si July kaya nga nagtaka siya nang humingi ito ng tulong sa kanya. He thought it was something really, really serious. Pero ang lekat niyang kapatid, gusto lamang pala siya nitong bigyan ng birthday party at may regalo pa itong nalalaman. Pambihira talaga!

Lumabas siya ng gate at tumambay sa shoulder ng kalye. Tinanaw niya ang buong paligid. Marami-rami na rin palang malalaking bahay na naipatayo sa parteng iyon ng barangay. Dati ay sila lamang ang may malaking bahay roon. Ang bilis magbago ng panahon.

Mabilis nga. Aba’y twenty-seven na pala siya nang hindi

niya namamalayan.

Sa pagpihit niya ay isang babaeng naglalakad papunta sa kanyang direksyon ang kanyang natanaw. May hawak itong supot na sa tingin niya ay tinapay ang laman na binili nito mula sa isang maliit na bakery malapit sa kanilang bahay.

From where he was standing, nakikita niyang matangkad ang babae, balingkinitan ang katawan, lampas-balikat ang kulot na buhok at may pagkamestiza. And she was breathtakingly beautiful! Para tuloy siyang nakakita ng isang diwang nalgaw sa isang magandang umaga. Nakadagdag-epekto pa ang hamog sa pagkakabatubalani niya sa babae.

Nang ilang metro na lamang ang layo nito sa kanya ay bumagal ang lakad nito. Naging awkward yata ang pagkakatitig niya rito. Nagbawi siya ng tingin.

Nang muli niyang iangat ang ulo ay ang babae naman ang nahuli niyang nakatingin sa kanya. Napatda siya nang tatlong dipa na lamang ang distansya nila sa isa't isa. Kilala niya ito. At parang namumukhaan din siya nito. Tumigil ito sa paglakad.

“Charisse?” He was surprised. Parang kusa na lang lumabas ang pangalan nito mula sa kanyang bibig.

Kiming ngumiti ito sa kanya. “James.”

Ang laki ng ngiti niya. “It is you.”

It was the same gorgeous face. Same sad eyes, too. Wala

nga lang luha, hindi gaya ng kanilang unang pagkikita...

*Naglalakad-lakad si James sa malawak na bukirin sa likuran ng kanilang bahay nang may mamataan siya sa isang duyan na nakakabit sa isang mababang sanga ng isang malaking puno ng mangga sa di-kalayuan. Isang dalagita ang nakaupo roon. Lumapit siya rito. Narinig niya ang lagaslas ng tubig sa isang maliit na creek doon.*

*Napatda siya nang makitang umiiyak ito. Nagulat pa ito nang magtaas ng mukha at masilayan siya roon. Akmang tatayo ito mula sa duyan ngunit maagap niya itong pinigilan.*

*“H-huwag kang umalis,” pakiusap niya.*

*Ilang saglit ding tumitig ito sa kanyang mukha. Sa gulang niyang labing-anim na taon, sa tingin niya ay matanda siya rito ng isa o dalawang taon. Sa kabila ng luhaan at namamagang mga mata ay maganda ito, inosente ang malungkot na mukha.*

*Mayamaya ay nagpahid ito ng luha. Tumingin ito sa lupa. “Sa inyo ba itong duyan?” tanong nito.*

*“Naku, hindi. Sabi ng Daddy, ipinagawa ito ng matandang may-ari ng bukirin ito para sa kanyang mga apo.” Muli itong tumingin sa kanya. “I’m James,” pagpapakilala niya sa sarili, inilahad ang kanang kamay. “Jaime Romualdez.”*

*“Charisse Magsaysay,” anito, kiming tinanggap ang kanyang pakikipagkamay.*

Umupo siya sa harapan nito. “Bakit ka umiiyak?” puno ng concern na tanong niya.

“Kamamatay lang ng mommy ko,” garalgal ang tinig na sagot nito. “N-nasagasaan siya.”

“I’m sorry,” malungkot na sabi niya. “Namatay din ang nanay ko, kasama ang tatay ko noong five years old pa lamang ako,” kuwento niya. “Namatay sila sa sunog at napunta kami ng kapatid ko sa bahay-ampunan.”

Napailing siya. Masakit pa rin ang pagkaulila nilang magkapatid. At hindi na mawawala ang sakit na iyon. Ang tanging nagpapagaan na lamang ng loob niya ay ang isipin na magkasama sa kabilang-buhay ang kanyang mga magulang. Alam niya, masaya ang mga ito roon at patuloy silang ginagabayan ng kanyang kapatid.

“Huwag ka nang malungkot,” pang-aalo niya rito. “Sigurado ako, masaya sa langit ang mother mo, at lagi siyang nakabantay sa ‘yo.”

Suminghot ito. “Y-you think so?”

“Oo. Next time na ma-miss mo siya, tumingala ka lang sa kalangitan at tandaan mong lagi siyang nakabantay sa iyo.”

Sumilay ang pinong ngiti sa mga labi nito. “Ganoon ba ang ginagawa mo?”

Tumango siya. “Ganoon din ang ginagawa ko pag na-mi-miss

*James And The Runaway Bride - Yumi Sagara*

---

*ko ang mga kaibigan ko noon. Iniisip kong baka sakali ay may isa sa kanila na nakatingin din sa kalangitan. Parang ang sarap kasing isipin na may ibang taong gumagawa n'un kasabay mo, nakatingin kayo pareho sa iisang langit."*

*Magsasalita pa sana ito nang may isang middle-aged na lalaking tumawag ng pangalan nito.*

*Kahit medyo malayo ito sa kanila ay aninag niya ang madilim nitong mukha at maawtoridad ang malakas nitong boses.*

*"Ang daddy ko!" natatarantang sabi ni Charisse. "Sige, James!" paalam nito, sabay takbo palayo.*

*"B-but naman nakilala mo pa ako," pukaw ni Charisse sa kanyang pagbabalik-tanaw.*

*"Mahirap makalimutan ang magandang mukha mo," hindi niya napigilang sabihin.*

*She blushed. And he was swooning like a stupid high school geek.*

*"Saan pala ang bahay n'yo dito?" tanong niya, hindi nagpahalatang excited siya sa muli nilang pagkikita nito.*

*"Sa tapat ng waiting shed," anito, sabay turo sa isang waiting shed sa di-kalayuan.*

*"Matagal ka na ba dito?"*

*"Sa Manila talaga kami nakatira noon, but we transferred*



here when I was eighteen. Noong nakita mo akong umiiyak noon ay nasa bakasyon lamang kami dito ng daddy ko.”

“Ganoon ba? Huling pumarito kasi ako was around last year at hindi kita nakita. Uh, well, hindi naman kasi ako laging pumaparito saka hindi nagtatagal ang pag-stay ko dito.”

“I saw you last year. Doon sa puno ng mangga, kung saan tayo unang nagkita noon. Natanaw kita isang hapon, nakaupo ka sa duyan. Funny, but I knew right away that you were the same boy that I met there almost ten years ago. Nahiya lang akong lumapit.”

“Sana nilapitan mo ako,” nanghihinayang na sabi niya.

“Baka kasi kailangan mong mapag-isa noon.”

“A-actually, nagpunta ako noon doon kasi umaasa akong baka makita ka uli doon.”

Nagulat ito sa pahayag niya. “Bakit gusto mo akong makitang muli?”

“Hindi kasi tayo nakapag-usap nang maayos. Nagmamadali kang umalis noon nang tawagin ka ng dad mo. ”Tapos nang ipagtanong kita that time sa kasama namin sa bahay, sinabi niyang bakasyonista ka lang pala dito kaya hindi ko na inaasahang makikita kang muli.”

Muli niya itong tinitigan. Ang laki ng iginanda ni Charisse. She was like an exotic flower in full bloom and her sweet sexy

scent was intoxicating him.

“Can I walk you home?” alok niya, lihim na umaasa.



Alanganing papasukin ni Charisse si James sa gate nang matanaw niya ang amang nakaupo sa veranda ng kanilang bahay. Ngunit nagulat siya nang tumayo ito at narinig ang sinabi nito...

“Papasukin mo ‘yang bisita mo, Charisse.”

Nagpaunlak naman si James at ipinakilala nito ang sarili sa kanyang daddy.

“Jaime Romualdez,” usal ng matanda. “Ikaw iyong may-ari ng *Romualdez and Sons*, hindi ba?”

“Pag-aari po ng pamilya ko,” puno ng humility na sabi ng binata.

Nakatutok ang tingin ni Mr. Carlito Magsaysay sa itim na sports watch ng bisita na mamahalin ang brand saka nito binalingan si Charisse. “Ipagtimpla mo nga siya ng kape.”

“Oh, no, thank you. Nag-almusal na po kasi ako,” tanggi ni James, ngumiti sa kanya.

He still had that gentle smile, the kind of smile that could touch a person’s soul. Nagpapasalamat tuloy siya at inutusan siya ng ama kanina na bumili ng tinapay habang abala sa pagluluto ng almusal ang kasambahay nilang si Dina. She wouldn’t have

seen James again and saw what a gorgeous and hunky man he had become...

Nanatiling nakatingin sa kanya ang binata, parang may gustong sabihin ngunit nag-aalangan dahil sa presence ng kanyang ama. "I... I gotta go," parang napipilitan nitong sabi makaraan ang ilang saglit.

"Okay, ingat sa daan," tugon niya. Nakaramdam siya ng dismay. Would she like him to stay longer?

Nang mag-about-face si James pagkalabas nito sa veranda. "May gagawin ka ba ngayon?" tanong nito sa kanya, bagaman cautious pa rin sa parang naninitang tingin ng kanyang daddy rito.

"Wala naman, day-off ko today," tugon niya.

"Can I invite you out for a lunch?" Tumingin ito sa ama niya. "Kung okay lang po sa inyo at kung walang ibang lalaking magagalit."

"Walang nobyo ang anak ko," sabi ni Mr. Magsaysay. "Puwede mo siyang i-date."

"Daddy!" bulalas niya. "Kakain lang kami sa labas, hindi nangangahulugang date na iyon." Hiyang-hiyang binalingan na niya ang lalaki. "Okay, James."

Lumapad ang ngiti nito, mas maaliwalas pa sa umaga ang mukha. "Great! Susunduin kita mamayang eleven," sabi nito bago tuluyang nagpaalam.

“Jackpot ka diyan pag nagkataon,” sabi ng kanyang ama nang makalabas na sa gate si James.

Inirapan niya ito. “Masyado kayong assuming!” asik niya rito saka pumasok na sa loob ng bahay.

Hindi mapakali si Charisse pagkatapos mag-almusal, inilabas niya lahat ng magagandang damit mula sa kanyang closet. Para tuloy siyang teenager na unang sasabak sa pakikipag-date. But this was not a date. Isa pa, naranasan na niyang makipag-date. Eighteen siya noon nang magkaroon ng first date, unang karanasan din niyang magka-boyfriend.

Kumalabit tuloy sa kanya ang kahapon nang mga sandaling iyon.

Pilit niyang pinasigla ang sarili nang kumakain na sila ni James sa isang seafood restaurant. For goodness’ sake, isang guwapo at mabait na lalaki ang nagyaya sa kanyang kumain sa labas.

Nagkakuwentuhan sila sa gitna ng pagkain, inungkat ang buhay-buhay ng bawat isa.

“Sabi ng dad mo, wala kang boyfriend,” nakangiting sabi ni James.

Umiling lamang siya. Lihim siyang nanalangin na huwag na itong magtanong pa tungkol sa nakaraang love life niya dahil ayaw na niyang pag-usapan iyon.

“Ikaw, may girlfriend ka ba?” pagbabago niya ng usapan.

Tumawa ito. “You think yayayain kitang lumabas kung meron?”

“Malay ko ba kung hindi naman selosa ang girlfriend mo’t okay lang na may kasabay kang babae pag lunch sa labas?”

“Kung may girlfriend ako, hindi ako titingin sa ibang babae, kahit pa kasing-ganda mo.”

Napangiti siya. “Ang suwerte naman pala ng magiging girlfriend mo.”

Tama siya sa hinuha noon na mabait si James, tandang-tanda pa niya ang araw na una silang nagkita. His voice was the kindest voice that she had ever heard. She liked him instantly that time. Nanghinayang pa nga siyang hindi na sila muling nagkita nito.

But here they were right now at lihim siyang umaasang magkalapit sila nito....